MUNICIPALITY OF BALIWAG
ARO20001897

LALAWIGAN NG BULACAN
Pamahalaang Bayan ng Baliwag
TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 36 T. 2020

MGA PANUNTUNAN SA PAGGUNITA SA ARAW NG MGA YUMAO 2020

SAPAGKAT, alinsunod sa Seksyon 16 ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, xxx sa loob ng kani-kanilang nasasakupang teritoryo, ay titiyakin at itataguyod ng mga Pamahalaang Lokal, higit sa lahat ang xxx pagtataguyod sa kalusugan at kaligtasan xxx;

SAPAGKAT, ang mga probisyon ng Resolusyon Bilang 72 ng IATF-MEID ay nagtatakda ng mga panuntunan sa paggunita sa undas ngayong panahon ng pandemya;

SAPAGKAT, taun-taon, tuwing ika-1 ng Nobyembre, dumadagsa ang libo-libong tao sa mga himlayan ng mga labi upang gunitain ang araw ng mga yumao nilang kaanak at kaibigan;

SAPAGKAT, bagama't pinapahalagahan ng Lokal na Pamahalaan ang mga kultura at tradisyon ng kanyang mga mamamayan, mas kinakailangang paigtingin at pairalin ang mga pamamaraan upang maiwasan ang mabilis na pagkalat ng COVID-19 sa ating Bayan;

SAPAGKAT, tungo sa kaligtasan ng bawat isa, kinakailangang magtakda ng Pamahalaang Bayan ng mas mahabang panahon upang gunitain ang araw ng mga yumao at maglabas ng mga panuntunan sa ligtas na pamamaraan at gawain sa mga libingan;

AT NGAYON, DAHIL SA REKOMENDASYON NG LOCAL INTER-AGENCY TASK FORCE, AKO SI FERDINAND V. ESTRELLA, Punongbayan ng Baliwag Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang iginawad saakin ng batas ng Republika ng Pilipinas, ay nag uutos ng mga sumusunod:

SEKSYON 1. PAMAGAT. Ang Atas na ito ay makikilala at tatawagin bilang "MGA PANUNTUNAN SA PAGGUNITA SA ARAW NG MGA YUMAO 2020".

SEKSYON 2. MGA BATAYAN. Ang Atas na ito ay ibinatay sa mga sumusunod na polisiya, atas tagapagpaganap, oridinansa at batas na umiiral sa Bansa:

2.1 Omnibus Guidelines on the implementation of Community Quarantine; at

2.2 Resolution No. 72 of the Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases.

SEKSYON 3. SAKLAW NG ATAS. Sakop ng Atas Tagapagpaganap na ito ang lahat ng pribado at pampublikong sementeryo kabilang na ang mga columbarium sa Bayan ng Baliwag.

SEKSYON 4. NAKATAKDANG PAGSASARA NG MGA LIBINGAN PARA SA PAGBISITA. Ang lahat ng libingan sa Bayan ng Baliwag ay nakatakdang isara mula ika- 25 ng Oktubre, hanggang ika-3 ng Nobyembre, 2020. Ang napipintong pansamantalang pagsasara ay upang maiwasan ang pagkukumpulan ng mga indibidwal na maaaring maging dahilan ng mabilisang pagkalat ng COVID-19.

4.1 Patuloy paring pinahihintulutan ang pagsasagawa ng seremonya ng libing sa mga araw na nabanggit, alinsunod sa mga panuntunan ng itatakdang quarantine level ng Pamahalaang Nasyonal;

SEKSYON 5. NAKATAKDANG ARAW AT ORAS SA PAGBISITA. Upang mabigyan ng pagkakataon ang bawat isa na maglaan ng oras sa kanilang mga yumaong mahal sa buhay, mula ika-01 hanggang ika-24 ng Oktubre, 2020, ika-7:00 ng umaga hanggang ika-12:00 ng tanghali ay pahihintulutang maka pasok ang mga indibidwal sa mga libingan.

SEKSYON 6. GABAY SA MGA BIBISITA. Ang mga sumusunod ay ang alituntunin na kailangang sundin sa pagtungo sa mga libingan:

6.1 Mga dapat taglayin habang nasa libingan:

a. Full Faceshield
b. Facemask
c. I AM SAFE QR Code
d. Valid ID

6.2 Dalawang (2) tao lamang ang pahihintulutang manatili sa isang puntod ng yumao;

6.3 Ang bawat bibisita ay hindi maaaring lumagpas sa isang (1) oras na pamamalagi sa mga Libingan;

6.4 Ang mga libingan ay bukas lamang sa pagdalaw ng pawang mga lokal na residente lamang, ang mga magmumula sa ibang rehiyon ay hindi papahintulutan;

6.5 Ang pagdadala ng mga pagkain at inumin ay ipinagbabawal;

6.6 Ang pagdadala ng anumang uri ng armas (baril, patalim at iba pa) ay matinding ipinagbabawal; at

6.7 Hindi pahihintulutang makapasok ang mga indibidwal na Dalawampung Taon (20) pababa at Animnapu (60) pataas.

SEKSYON 7. GABAY SA MGA PAMUNUAN NG SEMENTERYO. Ang bawat pamunuan ng sementeryo ay kinakailangang:

7.1 Magtakda ng Triage Area sa bawat tarangkahan ng libingan kung saan ay kukumpirmahin Ang puntod na bibisitahin, kukuhanin ang temperatura, kukuhanan ang QR Code sa pamamagitan ng IAM SAFE APP, magsasanitize ng kamay at magpapaalala sa mga regulasyon sa pagdalaw;

7.3 Magkaroon ng mga magiikot na Minimum Health Standard and Safety Protocol Officers na Tagapagpaganap ng mga alituntunin at gabay sa loob ng sementeryo tulad ng nakatakdang oras ng pagbisita, oras ng pag-alis at ng MHSS na dapat naisasagawa sa loob ng bawat sementeryo.

7.4 Pagpapatigil at Pagbabawal ng mga pagawain / konstruksyon na maaring makagambala at maging banta sa kaligtasan ng mga dumadalaw sa mga puntod ng mga yumao.

7.5 Magtakda ng gabay at polisiya na di taliwas sa Nasyonal at Lokal na IATF guidelines.

7.6 Makipag ugnayan sa Pambayang Tagapangasiwa, Hepe ng Kapulisan at Barangay na nakasasakop sa kanila, ukol sa pagpapairal ng seguridad at maayos na daloy ng trapiko.

SEKSYON 8. PAGPAPAWALANG BISANG SUGNAY. Ang lahat ng Atas Tagapagpaganap, polisiya at mga direktibang inilabas ng Pamahalaang Bayan na salungat sa mga probisyon ng atas na ito ay pinapawalang bisa.

SEKSYON 9. PAGPAPAHIWALAY NA SUGNAY. Kung, sa anumang dahilan, ay ipinasya na ang isang bahagi o probisyon ng Batas na ito ay taliwas sa mga batas na umiiral sa bansa, ang ibang bahagi o probisyon nito na hindi apektado ay mananatili at patuloy na magkakaroon ng bisa.

SEKSYON 10. PAGKAKABISANG SUGNAY. Ang Atas na ito ay magkakabisa sa ika-12:00 ng hatinggabi ng ika- 1 ng Oktubre, 2020.

NILAGDAAN ngayong ika-22 ng Setyembre, 2020 sa Pamahalaang Bayan ng Baliwag, Bulacan.

FERDINAND V. ESTRELLA
Punongbayan

Nilagdaan ng Punongbayan:

ENRIQUE V. TAGLE
Pambayang Tagapangasiwa